



## WORD

<sup>4</sup>Nagtanong ang hari, “Ano ang gusto mo?” Nananalangin ako sa Diyos ng langit, <sup>5</sup>at pagkatapos, sumagot ako sa hari, “Kung maaari po, Mahal na Hari, at kung nalulugod po kayo sa akin, gusto ko sanang umuwi sa Juda, para muling ipatayo ang lungsod kung saan inilibing ang aking mga ninuno.”

Nehemias 2:4,5

## WHAT

*What does the Bible say?*

Ang mga talatang ito ay nagbabahagi sa atin ng tatlong katangian ni Nehemias na nagsisilbing halimbawa at umuudyok sa atin sa pananalangin at paggalaw upang makapaghatid ng pagbabago sa ating bansa.

- **Alam ni Nehemias ang mga nagaganap.**

*Nagtanong ang hari, “Ano ang gusto mo?” . . .*

Nehemias 2:4

Ang isang pinuno ay laging may alam sa mga pangyayari sa bansa. Higit pa rito, dahil bahagi ang pagtatatag ng bansa sa kaharian ng Diyos—tayo na Kanyang iglesia ang Kanyang mga embahador sa ating bansa bilang mga mensahero ng Kanyang Salita at tagagawa ng ating ipinapangaral (2 Corinto 5:20). Papaano pa tayo makakatulong sa pagtatatag ng ating bansa (Roma 13:1)?

---

---

---

---

- **Pinagkatiwalaan at kinilala ni Nehemias ang Hari ng mga hari.**

<sup>4</sup>. . . Nananalangin ako sa Diyos ng langit, <sup>5</sup>at pagkatapos, sumagot ako sa hari . . .

Nehemias 2:4,5

Alam ni Nehemias na malaki ang kinakaharap niyang gawain, kahit na para sa isang lider na katulad niya. Ngunit alam niya kung kaninong tulong ang kanyang kailangan: hindi sa hari na pinagsisilbihan niya kundi sa Hari ng mga hari! Kapag hinirang nating bayani ang Diyos sa lahat ng ating mga pinagdadaanan at sa pagtiwala natin sa Kanya, gagalaw Siya para sa atin, bibigyan tayo ng kakayahan upang kumilos ng tama, at gagabayan Niya tayo (2 Pedro 1:3, Santiago 1:5). Ano sa palagay mo ang mangyayari kapag hindi gumalaw ang Diyos sa ating mga kalagayan?

---

---

---

---

- **Alam ni Nehemias kung ano ang gagawin na makapagdudulot ng pagbabago.**

*. . . “Kung maaari po, Mahal na Hari, at kung nalulugod po kayo sa akin, gusto ko sanang umuwi sa Juda, para muling ipatayo ang lungsod kung saan inilibing ang aking mga ninuno.”*

Nehemias 2:5

Sinasabi na tayo ang mga kamay at paa ng Diyos dito sa lupa. Sa pagsunod natin sa Kanyang Salita at layunin, mailalagay natin ang Kanyang kalooban sa katotohanan. At bilang mga lider, dapat ay kusang-loob nating gawin ang ating bahagi sa pagtatatag ng ating bansa sa pag-ako natin sa papel bilang mga tagahatid ng pagbabago sa lipunan. Ano ang ipinangako ng Diyos natin sa paghakbang natin nang may pananampalataya (Mateo 28:20, Hukom 6:12)?

---

---

---

---